# NOEL GALON DE LEON

Nakatira at nagtatrabaho si Noel Galon de Leon bilang guro ng Filipino at Malikhaing Pagsulat sa Visayas. Siya ay nakabase sa Iloilo City kung saan siya ay miyembro ng fakulti ng UP Visayas. Nanalo ng premyo ang kaniyang mga tula sa 2018 Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Siya ay co-founder ng Iloilo Mega Book Fair, Magsugilanonay Kita: West Visayan Mother Tongue Children's Books Summit, at ang tagapagtatag ng Kasingkasing Press.

# PAGLEYENDA SANG BATA SA IYA KAUGALINGON

May duha ka bata nga luyag manghinaw sang ila mga kamot matapos tumanon ang sugo sang nagapakuno-kuno nga hari: *itapok ang kamatuoran. piyong. pawala. kag magpadayon.* Apang ano ang kamatuoran? pamangkot sang bata nga dapa ang ilong, paktakon bala ini nga nagapangabuhi sa paminsaron, ukon hurubaton nga nagapuyo sa dughan sang mapintas nga nagligad nga pilit ginakalimtan? Naurongan ang ikaduha nga bata nga sunog ang panit, may ginauyatan ini nga libro sang binalaybay, makatalanhaga ang sugilanon sang kalibutan, siling sini sa kaupod, wala sing dagway ang paghigugma, kag ang kamatayon, ining bangungot nga yari sa aton atubangan: *liwat nga magakabuhi ang mga nagataliwan.* Nagpadayon ang duha agud manghinaw sang ila mga kamot, didto sa bubon nga wala sing ngalan ginpilit nila nga atubangon ang ila mga kaugalingon. *Daw isa kita ka leyenda,* paminsar sang bata samtang ginaatubang ang kaugalingon, *wala kita sang kamatayon.*

# PAGSASAALAMAT NG BATA SA SARILI

May dalawang batang gustong maghugas ng kamay matapos
gawin ang utos ng naghahari-harian: *ibaon ang katotohanan.*
*pumikit. magwalang-kibo. at magpatuloy.* Ngunit ano ang
katotohanan? tanong ng unang batang pango ang ilong,
ito ba ay bugtong na sa isipan nananahan, o salawikaing
sa dibdib ng masungit na alaalang pilit nililimot? Walang
kibo ang ikalawang batang sunog ang balat, may hawak
itong libro ng tula, tila nananalinghaga ang kuwento ng
daigdig, ika nito sa kasama, walang mukha ang pag-ibig,
at ang kamatayan, itong bangungot na ating nasaksihan:
*nabubuhay ang namamatay.* Nagpatuloy ang dalawa sa
nais na makapaghugas ng kamay, doon sa bukal na walang
pangalan sinikap nilang harapin ang mga sarili. *Para tayong*
*mga alamat,* sa isip ng dalawa ngunit iisa, *wala tayong*
*kamatayan.*